# Filipino Bilingual Program

## Seven Oaks School Division

**Seven Oaks School Division is considering establishing a Filipino bilingual program in the early grades for the 2018-2019 school year if there are sufficient student registrations.**

### What is a bilingual program?

Bilingual programs offer up to 50 per cent of instruction in a heritage language. English is the language of instruction for the remainder of the school day. A bilingual program enables students to develop their ability to speak a heritage language while they learn the same curriculum outcomes as students in English or French Immersions streams.

The division currently runs successful Ukrainian and Ojibwe bilingual programs. Other Manitoba school divisions offer German, Cree, Hebrew and Spanish bilingual programs.

### What is a Filipino bilingual program?

The program's curricular outcomes will be based on the Manitoba Education Curriculum. Filipino will likely be used as the language of instruction in social studies, music, arts and physical education. English would then be used in science and mathematics. Students would, of course, be taught English Language Arts. The bilingual program would place an emphasis on Filipino culture and history.

### Where will the program be located?

The division will set a location for the program once we know the number of students registering. Parents/guardians can register their children at their nearest school in the Seven Oaks School Division.

### Will there be transportation?

Yes. Seven Oaks resident pupils will be bused free of charge to the program from anywhere in the school division. There will also be busing to and from neighbourhood daycares.

### What are the potential benefits of the program?

Filipino children who are newcomers will not easily forget their own language and culture upon arrival to Canada. For those who are born and raised in Canada, they will be able to learn their own people's history and relate to their language and cultural background.

They will be able to understand and communicate with their family and relatives who are living with them and to other Filipinos living in the Philippines and around the world using their own heritage language.

They will be able to pass to the next generations their own heritage language and culture. Thus, it makes language and cultural preservation a necessity in ensuring the growing Filipino community is alive and vibrant.



For non-Filipino children, they will be able to learn and understand another language and culture. Therefore, it becomes an additional asset for them as they gain Filipino language competence that can be applied in social and cultural situations with others.

In a city that is becoming increasingly ethnically and culturally diverse, the need for integration is on the rise. As workplaces continue to reflect this diversity, the opportunity for non-Filipino students to gain an understanding of the Filipino language and culture is important. Therefore, the program will have a long-term impact as it improves employment opportunities and workplace community for graduates of the program.



## Does my child need to be able to speak Filipino in order to register?

No. The program would be open to all students.

## When will I know for sure that there will be a Filipino bilingual program offered next school year?

The division will make a decision on whether or not it can offer the program by early May 2018. Location of the program will be determined at that time based on registration.

## How can I register my child?

**Registration forms are available at every neighborhood early years school in Seven Oaks School Division.**

# Programang Bilingguwal sa Filipino

## Seven Oaks School Division

**Ang Seven Oaks School Division ay nagsusulong na magtatag ng programang bilingguwal sa Filipino sa mababang grado para sa 2018-2019 taong pag-aaral kung may sapat na mag-aaral na magpaparehistro.**

### Ano ang programang bilingguwal?

Ang programang bilingguwal ay nagtatalaga ng hanggang 50 porsiyento ng pagtuturo sa pamanang wika. Samantalang, Ingles ang wika ng pagtuturo para sa natitirang araw ng paaralan. Ang programang bilingguwal ay naglalayon na mapaunlad ng mag-aaral ang kanilang kakayahan na makipagtalastasan gamit ang pamanang wika kaalinsabay din nito ang kanilang pagkatuto na katulad ng kinalabasan ng kurikulum para sa mga mag-aaral sa mga mag-aaral ng programang imersyon sa Ingles o Pranses.

Ang dibisyon ay kasalukuyang nagpapatakbo ng matagumpay na billinguwal na programa sa Ukranian at Ojibwe. Ang ibang dibisyon ng paaralan sa Manitoba ay nag-aalok ng bilingguwal na programa sa Aleman, Cree, Hebreo at Espanyol.

### Ano ngayon ang bilingguwal na programa sa Filipino?

Ang kinalabasan ng kurikular na programa ay nakabase sa Manitoba Education Curriculum.

Ang Filipino ay malamang na gagamitin sa wika ng pagtuturo sa araling panlipunan, musika, sining, at pisikal na edukasyon. Ang Ingles kung sa gayon ay gagamitin sa agham at matematika. Ang mga mag-aaral ay tuturuan naman ng English Language Arts. Ang programang bilingguwal ay magbibigay diin sa kultura at kasaysayan ng Filipino.

### Saan matatagpuan ang programa?

Ang dibisyon ay magtatakda ng lokasyon para sa programa kapag nakuha na ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na magpaparehistro. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring makapagparehistro ng kanilang mga anak sa kanilang pinakamalapit na paaralan sa Seven Oaks School Division.

### Magkakaroon ba ng transportasyon?

Oo. Ang mga mag-aaral na residente ng Seven Oaks ay libreng pasasakayin patungo sa programa mula sa kahit saang bahagi ng dibisyon ng paaralan. Magkakaroon din ng sasakyan mula at patungo sa mga daycares sa kalapit na lugar.

### Ano ang mga potensyal na benepisyo ng programa?

Ang mga batang Filipino na bagong dating ay hindi malilimutan agad ang kanilang sariling wika at kultura pagdating sa Canada. Para sa mga ipinanganak at lumaki sa Canada, maaari nilang matutunan ang kasaysayan ng kanilang sariling kapwa at makaugnay sa kanilang sariling karanasan sa wika at kultura.

Maaari nilang maunawaan at maipahayag sa kanilang sariling pamilya at kamag-anak na nakatira sa kanila at sa iba pang mga Filipino na nakatira sa Pilipinas at



sa ibang bahagi ng mundo gamit ang kanilang sariling pamanang wika.

Maaari nilang maipasa sa mga susunod na henerasyon ang kanilang pamanang wika at kultura. Sa ganitong paraan, ginagawa nitong ang pagpapanatili ng wika at kultura ay isang pangangailangan upang tiyakin na ang lumalagong komunidad ng mga Filipino ay buhay at masigla.

Para sa mga batang hindi Filipino, maaari nilang matutunan at maunawaan ang ibang wika at kultura. Samakatuwid, nagiging karagdagang bagay na may halaga ito para sa kanila habang sila ay nakikinabang sa pagkakaroon ng kakayahan sa wikang Filipino na maaari nilang magamit sa ibat-ibang sitwasyon sa panlipunan at kultura sa ibang mga tao.

Sa isang bayan na patuloy na lumalago na magkakaiba ang etniko at kultura, ang pangangailangan sa pagsasama ay tumataas. Habang ang pook-gawaan ay patuloy na sinasalamin ang pagkakaiba-iba, ang pagkakataon para sa mga hindi Filipinong mag-aaral na maunawaan ang Filipinong wika at kultura ay mahalaga. Samakatuwid, ang programa ay magkakaroon ng pangmatagalang epekto habang ginagawa nitong mapaunlad ang pagkakataon na magkaroon ng trabaho at ang komunidad ng pook-gawaan para sa mga nakatapos sa programa.

### Kailangan ba ng aking anak na may kakayahan sa pagsasalita ng Filipino para makapagparehistro?

Hindi. Ang programa ay bukas para sa lahat ng mag-aaral.

### Kailan ko talaga malalaman na sigurado ng magkakaroon ng bilingguwal na programa sa Filipino para sa susunod na pasukan?

Ang dibisyon ay magdedesisyon kung matutuloy o hindi ang programa sa unang bahagi ng Mayo 2018. Ang lugar ng programa ay matutukoy base sa mga nagparehistro.

### Paano ko maipaparehistro ang aking anak?

**Ang papel para sa pagpaparehistro ay makukuha sa bawat kalapit-paaralan ng mababang grado sa Seven Oaks.**



Community Begins Here!

SEVEN OAKS SCHOOL DIVISION
community begins here